# Tugunan ang 2020 Senso

## Pagmemensahe upang Hikayatin ang Pagtugon para sa Pangkalahatang Mamamayan

| Bago ang Hindi Tugon na Pag-followup | Sa Panahon ng Hindi Tugon na Pag-followup | Panghuling Linggo | Pagkatapos |
|---|---|---|---|
| **May panahon pa rin para tumugon. Tumugon ngayon online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo.** | **Hindi pa huli para tumugon. Tumugon ngayon o kapag dumating sa iyong tahanan ang tagapanayam.** | **Ito ang huling linggo upang tumugon sa 2020 Senso. Tumugon na ngayon.** | **Salamat sa pagtugon!** |
| Tumugon online ngayon sa 2020census.gov o sa pamamagitan ng telepono sa 844-330-2020.<br>O, kung mayroon kang palatanungan ng 2020 Senso na iyong natanggap sa koreo o sa iyong pinto, punan ito at ipadala.<br>Karamihan sa mga sambahayan ay tumugon. Huwag magpaiwan—mahalaga ang iyong tugon.<br>Tumugon kung saan ka naninirahan sa Abril 1 at isama rin ang lahat ng karaniwang naninirahan doon, kabilang ang mga bata.<br>Hikayatin ang iyong pamilya at mga kaibigan na tumugon kung hindi pa nila ito nagagawa. Ipaalala sa kanilang mahalaga ang kanilang tugon.<br>Kung wala kang narinig mula sa iyong sambahayan, malapit nang bumisita ang isang tagapanayam upang personal na tanungin ka ng mga tanong sa senso. | Tumugon online ngayon sa 2020census.gov, sa pamamagitan ng telepono sa 844-330-2020, o sa pamamagitan ng koreo.<br>Tumugon kung saan ka naninirahan sa Abril 1 at isama rin ang lahat ng karaniwang naninirahan doon, kabilang ang mga bata.<br>Karamihan sa mga sambahayan ay tumugon. Huwag magpaiwan—mahalaga ang iyong tugon. Paalalahanan din ang iyong pamilya at mga kaibigan.<br>Malapit nang bumisita sa iyo ang isang tagapanayam upang personal na tanungin ka ng mga tanong sa senso kung hindi ka pa nakakatugon.<br>Kung may darating na tagapanayam sa iyong tirahan, mangyaring makipagtulungan. Kailangan ng iyong komunidad ang iyong pagtugon.<br>Ang mga tagapanayam ay nagmula sa iyong komunidad. Alam nilang makakatulong sa iyong lugar ang isang kumpleto at wastong bilang.<br>Hikayatin ang iyong pamilya at mga kaibigang makipagtulungan kung bumisita ang tagapanayam sa kanilang tirahan.<br>Magsusuot ang mga tagapanayam ng mask at susundin ang mga kasalukuyang patnubay sa kalusugan at kaligtasan sa iyong komunidad.<br>Kung tumugon ka nang walang Senso ID (*Census ID*), maaaring bumisita kami sa iyo upang kumpirmahin ang iyong address at personal na kolektahin ang iyong mga tugon. Nais naming masigurong binibilang namin ang lahat sa tamang lugar. | Huwag palampasin ang pagkakataong mabigyan ng hugis ang iyong kinabukasan—mahalaga ang iyong tugon.<br>Kung sa tingin mo ay maaaring hindi ka nabilang, tumugon na ngayon online sa 2020census.gov o sa pamamagitan ng telepono sa 844-330-2020.<br>Tumugon gamit ang address kung saan ka naninirahan sa Abril 1 at isama rin ang lahat ng karaniwang naninirahan doon, kabilang ang mga bata. | Malalaman ang susunod na 10 taon ng pagpopondo para sa mga kritikal na serbisyo sa pamamagitan ng iyong pakikibahagi sa senso.<br>Malapit nang ibahagi ang mga resulta ng Senso. |

Tingnan ang "Mga Kaayusan ng Operasyon sa 2020 Senso Dahil sa COVID-19" para sa pinakabagong timeline ng operasyon sa <https://2020census.gov/en/news-events/operational-adjustments-covid-19.html>.

**Shape your future START HERE >**

United States® Census 2020

2020CENSUS.GOV

D-FS-PA-EN-029

## Madali, ligtas, at mahalaga ang pagtugon sa 2020 Senso

### Madali ito.

- Ang pagtugon ay aabutin lamang ng ilang minuto upang makumpleto.
- Maaari kang tumugon online o sa pamamagitan ng telepono sa isa sa 13 wika at makakahanap ka ng tulong sa mas marami pang wika. Bisitahin ang <https://2020census.gov/languages.html>.
- Mas napakadali na ngayong tumugon nang mag-isa, online man, sa telepono o sa pamamagitan ng sulat—lahat ng ito ay magagawa nang hindi kailangang makipagkita sa isang tagapanayam.

### Ligtas ito.

- Ang iyong tugon ay ligtas, sigurado at kompidensiyal. Ang iyong impormasyon ay protektado ng batas.
- Hindi namin ibabahagi ang iyong mga tugon sa mga ahensya ng imigrasyon o sa ahensya ng pagpapatupad ng batas.
- Ayon sa batas, maaari lamang gamitin ang iyong mga tugon upang lumikha ng mga estadistika.
- Babawasan ng pagtugon ngayon ang pangangailangan ng pag-follow up at pagbisita ng isang tagapanayam sa iyong tirahan sa huling bahagi ng taong ito.
- Magsusuot ang mga tagapanayam ng mask kapag personal na nag-interbyu ang mga tagapanayam sa mga sambahayan. Mabilis ang mga interbyu at maaaring gawin sa labas ng iyong tirahan at malayo nang 6 na talampakan.

### Mahalaga ito. Mahalaga ang iyong tugon.

- Ang pagtugon sa 2020 Senso sa panahong ito ng pagdidistansya sa mga tao ay gumagawa ng kaibhan para sa kagalingan ng iyong komunidad at tumutulong sa pagbibigay-hugis sa kinabukasan.
- Nakakatulong ang mga tugon mo sa pamamahagi ng bilyun-bilyong dolyar na pondong pederal sa mga lokal na komunidad para sa pangangalagang pangkalusugan, pang-emerhensyang pagresponde, mga paaralan, programang pang-edukasyon, kalsada at serbisyong publiko.
- Sa mga resulta mula sa 2020 Senso malalaman ang bilang ng mga upuan ng bawat estado (state) sa Kongreso at ang iyong pampulitikang pagkatawan sa lahat ng antas ng gobyerno.
- Kumpletuhin ngayon ang 2020 Senso nang sa gayon ay magkakaroon ang iyong komunidad ng mga mapagkukunang kailangan nito sa susunod sa 10 taon.
- Ang wastong bilang ng senso ay nakakatulong sa komunidad na makuha ang mga mapagkukunang kailangan nila para sa emerhensya at pagresponde sa panahon ng sakuna.